**KAUTUSANG LOKAL NO. 52**
**Serye 2020**

**KAUTUSANG LOKAL UPANG TUMALIMA O SUMUNOD ANG MGA TAO SA MGA KASALUKUYANG PINAPAIRAL NA BATAS NG ATING BANSA AT PAMAHALAANG LOKAL NG ANDA PARA MAPIGILAN ANG PAGKALAT NG SAKIT NA COVID-19 AT BIGYAN NG KARAMPATANG KAPARUSAHAN ANG MGA TAONG LUMALABAG SA KAUTUSANG ITO**

**SANG-AYON,** sa Kodigo Local (RA 9160) ang Punong Bayan ng Anda, ay may karapatan na gumawa ng kaukulang hakbang laban dito sa mapaminsalang kalamidad na dulot ng COVID-19 at paraan sa ikaliligtas at kapakanan ng taong bayan;

**SANG-AYON,** sa alituntunin na nakasaad sa batas na kasalukuyang pinapairal sa bansa dahil sa COVID-19, pinagbabawal ang mga sumusunod:

1) Ang walang suot at hindi wastong paggamit ng 'MASKARA' pag lumabas ng bahay;
2) Ang paglapit-lapit o pagkumpol ng mga tao. Ugaliin ang isang (1) metrong pagitan sa bawat isa;
3) Ang paggala-gala sa labas kung walang sapat na dahilan at hindi pagsunod sa 'CURFEW HOURS' na itinakda ng batas;
4) Ang siksikan ng mga taong sakay ng barangay HATID-SUNDO sa bayan. Limitahan ang sakay alinsunod sa SOCIAL DISTANCING na pinapatupad;
5) Ang walang Quarantine Pass at Travel Pass na galing sa kani-kanilang barangay, maliban na lang sa mga FRONTLINERS, PNP, BFP, BHERT, RHU Personnel, BHW, PCG at Maritime Police;
6) Ang angkas (BACK RIDE) sa motorsiklo at 'BANGKULONG';
7) Ang mga taong mamimili sa palengke at grocery stores ng wala sa 'SCHEDULE' na itinakda sa bawat barangay. Hanapan ng Home Quarantine Pass at huwag papasukin at pagbentahan.

**SANG-AYON DITO, AKO SI JOGANIE C. RARANG,** bilang Punong Bayan ng Anda, Pangasinan, dahil sa kapangyarihang ipinagkaloob sa akin sa ilalim ng batas ng Republika ng Pilipinas, inuutos ko ang pagtalima o sumunod ang mga tao sa mga kasalukuyang pinapairal na batas sa ating bansa para mapigilan ang pagkalat ng sakit na covid-19 at bigyan ng karampatang kaparusahan sa mga taong lumalabag dito

**Seksyon 1. Ang Kaparusahan.**
Ang sinumang lumabag sa kautusang ito ay pinapatawan ng kaparusahan sang-ayon sa mga sumusunod:

1) Unang Beses – Paglinisin sa paligid o anuman ang ipag-uutos ng may kapangyarihan.
2) Pangalawang Beses – Penalidad sang-ayon sa nakasaad sa Batas ng Republika ng Pilipinas.

**Seksyon 2. Pagkaroon ng Bisa.**
Ang kautusang ito ay magkakaroon ng bisa agad.

Pinagtibay nitong ika-21 ng Abril, Dalawang Libo at Dalawampu sa Anda, Pangasinan.

**JOGANIE C. RARANG**
Punong Bayan